

TAKE 1

DELILAH MERCADO

Delilah's POV

Hindi ko naman kailangang maging mayaman. Basta masaya 'ko sa piling ng pamilya ko, solb na 'ko. Okay lang naman talaga kung mahirap ka kasi mas maiintindihan mo ang buhay. Dahil nakakasalamuha mo ang iba't ibang dagok na binibigay ng pagkakataon.

Ang nanay ko ang nag-aalaga sa bunso naming kapatid. Minsan tumatanggap siya ng labada para pangdagdag kita.

Tinutulungan siya ni Jelyn, pang-apat sa aming magkakapatid. Siya na lang ang nag-aaral at nasa elementary pa lang siya.

Si Tatay naman ay pedicab driver. Madaling araw pa lang umaalis na siya at gabi na kung umuwi. Pero ganoon pa rin, konti lang ang kita.

May kuya ako, si Kuya Ranil. Twenty-five na siya at suma-sideline sa construction.

Kami naman ng kapatid kong sumunod sa 'kin

na si Karen ang pumupunta sa tambakan ng basura at kumukuha ng mga pwedeng ibenta.

At ang bunso namin ay si Jabi. Limang buwan na siya.

Mahirap lang kami. Di ko naman na-interview ‘yung daga para masabi kong mas mahirap pa kami sa kanya. Pero kapos kami sa araw-araw. Hindi kami nabibigyan ng pagkakataong bumili ng kahit na ano para sa mga sarili namin.

Malayo kami sa maingay at magulong mundo ng kapitbahay naming siyudad; ignoranteng lubos sa mga nangyayari sa mas malaking mundo. Kasi ang mundo namin, masikip. Mabaho. Madumi. Mahirap. At ganun lang sa araw-araw.

“Ate, tara na?” aya ni Karen.

“Sige, tara.”

Binaba ko na sa mesa ‘yung basong may tirang kape ng mga kapatid ko, at tumayo na para samahan si Karen papunta sa tambakan. Kailangang humanap ng kalakal. Wala nang pambili ng bigas at gatas ni Jabi.

“Nay, aalis na po kami.”

“Sige, mag-ingat kayo, ah. Dalhan n’yo na lang

ang tatay n'yo ng tubig at dalawang pirasong tinapay, para naman kahit papa'no ay magkalaman ang tiyan nun. Kanina pa 'yung madaling araw namamasada, paniguradong di na rin uuwi para sa tanghalian."

"Okidoks! Lalayas na kami!"

Kinuha na namin ni Karen ang sako at pangkawit namin saka dumiretso na kami sa tambakan na hindi naman kalayuan sa bahay namin.

Eksaktong pagkadating namin eh, paparating na rin 'yung trak ng basura kaya nag-abang na kami agad ni Karen.

"O, tabe, tabe!" Tapos, ibinagsak na 'yung mga basurang laman ng trak.

"Tara na!" At nag-umpisa na nga kaming kumuha ng mga pwedeng ipangkalakal.



Tatlong oras kaming nagkalkal ni Karen. Bago magtanghalian ay naglalakad na kami papuntang junk shop para ibenta 'yung mga nakuha namin.

"Aling Martha, eto po, o."

Kinuha ng masungit na may-ari ng junk shop ang mga sako namin at kinilo niya na.

“One twenty,” sabi niya.

Sa tatlong oras naming pagtatrabaho, ‘yun ang kinita namin na pagkakasyahin namin sa buong araw.

Pumunta kami ng palengke para bumili ng pagkain.

“Isang kilong bigas po, ‘yung *NFA*.”

“Bente siete,” anang tindera.

Inabot ko na ‘yung bayad at kinuha na ‘yung bigas na kailangang kumasya sa anim na tao, at umabot hanggang bukas ng umaga para kahit paano ay makapag-almusal naman si Tatay at Kuya.

“Ate, ano’ng ulam natin?”

“Tingnan natin kung ano’ng mura.”

Pumunta kami sa dulong bahagi ng palengke at nagtanong, “Magkano po sa tahong?”

“Bente pesos isang kilo.”

“Sige, dalawang kilo po. Tapos, limang pisong luya. Saka pagbilan din po nung gatas na sakto, at kape, pati dalawang tinapay.”

“Ninety-two lahat.”

“Ninety-two? Ate, tawad na lang po ‘yung piso, kulang na po pera namin, eh.”

“Ay naku, tsk. Sige na nga.”

“Salamat po, Ate.”

Umuwi na kami ni Karen dala ang mga pinamili namin. “Nay, eto na po.” Inabot ko ang mga bitbit sa kanya.

“Sige, magpahinga na kayo at lulutuin ko na ‘to.”

“Ate Karen, tuturuan na kitang magbasa,” sabi ng nakababata kong kapatid.

“Sige, tara. Ikaw, Ate Deli? Ayaw mo bang magpaturong magbasa dito kay Jelyn?”

Nginitian ko sila. “Di na. Aalagaan ko na lang muna si Jabi.”

“Ay, anak, di ba kayo nakabili ng uling? Wala na tayong uling,” sabi ni Nanay.

“Ay, oo nga pala! Ang bopols naman, nakalimutan ko pa!”

“Nandito na ‘ko,” sabi ng isang tinig mula sa pintuan namin.

“Kuya!” sabay na tugon ng mga kapatid ko.

“O, eto may dala akong pansit. Itinabi ko ‘yung binigay ng boss ko. May pagkain na ba kayo? Paghatihan n’yo na lang yan ah, magtutubig na lang ako.”

“Di, Kuya, may pagkain tayo. Wala lang uling kasi nakalimutan ko saka kulang na rin ‘yung pera,” paliwanag ko.

“Ah, o eto saiz. Jelyn, bumili ka muna ng uling,” utos niya. Mabilis namang sumunod ang huli. Tapos, lumapit si Kuya kay Nanay at may iniabot, “O ‘Nay, isang libo. Huling pasweldo na sa ‘min, tapos na ‘yung ginagawa namin, eh. Baka humiram na lang muna ako ng pedicab kay Toto para tulungan si Tatay sa pamamasada.”

“Sige, anak. Inatake na naman kasi ng sakit ‘yung tatay mo. Ibibili ko muna ‘yun ng gamot at magtatabi na ‘ko para sa pambaon ni Jelyn.”

Napansin naming nalungkot si Karen, kaya nilapitan siya ni Kuya. “Wag ka nang malungkot. Sa susunod na may magsama sa ‘kin sa construction, makakapag-aral ka na ulit.”

“Talaga, Kuya?”

“Oo naman.”

“‘Nay, eto na po ‘yung uling!” sabi ng nakabalik

nang si Jelyn.

Nagsimula nang magluto si Nanay.

“Deli.” Nginitian ako ni Kuya. “Ako na muna ang mag-aalaga dito kay Jabi, alam kong may pupuntahan ka pa.”

“Sige, Kuya.” Nagpaalam na muna ako sa kanila at lumabas na.

Umalis ako sa lugar namin at nakita ko ang abalang mundo ng siyudad na ito. Maraming kotse ang bumubusina, parang nagrereklamo sa trapik; mga negosyanteng nakababad sa telepono nila. Mga naglalakihang gusali na puno ng salamin...

Pumunta ako sa bilihan ng mga bulaklak.

“Isang bouquet ng white roses,” sabi ko.

“Okay, Ma’am. Card or cash po?”

“Card.” Inilabas kong muli ang ATM card na isang beses sa isang taon ko lang nagagamit.

Bumili rin ako ng mga bulaklak at kandila. Pagkatapos ay naglakad ako papunta sa malapit na sementeryo.

SHENIAH IGNACIO

Inilapag ko sa puntod niya ang mga bulaklak at sinindiha ang kandila. At nag-umpisang tumulo ang luha ko.

“Happy Birthday, Mommy,” sabi ko.

Ilang oras din akong namalagi sa tabi ng puntod, tinitigan lang ‘yun.

Isang beses isang buwan ako dumadaan dito, pero ngayon lang ako nagtagal dahil kaarawan niya.

Gabi na nang maisipan kong umuwi na sa amin. Nasulyapan ko pa ang isang malaking gusali na nadaanan ko bago lumiko sa lugar namin.

“Sana okay ka lang, Daddy.”

“Nandito na po ako.”

Nadatnan ko sa bahay si Tatay. Lumapit ako sa kanila ni Nanay para magmano at umupo na sa tabi nila para sa hapunan.

Makalipas ang dalawang oras, lumabas ako para magpahangin. Sinundan naman ako ni Kuya.

“Deli, ayos ka lang?”

“Adik ka ba, Kuya? Syempre naman okay lang

ako. Ang inaalala ko lang... baka magtae ako kasi gabi na, ang dami kong nakain na tahong.”

“Pfft, loko ka talaga,” tawa niya.

“Sina Jelyn?”

“Tulog na silang lahat. Tayo lang naman ang aswang dito sa ‘tin eh.”

“Baka ikaw lang, Kuya. Diwata kaya ako.”

“Diwata? Diwata ng kaning tutong?”

Napahalakhak ako. “Hay! Ang sama mo, Kuya!”

“Biro lang. Hmm, nagkita ba kayo?”

“Ni Mommy? Dinalhan ko siya ng bulaklak. Ni Daddy? Hindi.”

“Deli, dito ka lang sa ‘min, ah.”

“Oo naman, Kuya. Ang drama mo na naman kasi, eh. Nahulugan ka ata ng martilyo sa ulo. Matulog ka na nga!”

Ngumiti siya. “Sige na nga, maaga pa ‘ko bukas eh. ‘Tulog ka na rin.”

“Sige, s’unod na ‘ko.”

Pumasok na si Kuya sa loob ng bahay, ako naman

ay tumingin sa langit.

“Ilang oras na lang, naka-survive na naman kami ng isang araw. Thank you po.”

Tumayo na ako, papasok na sana pero may narinig ako. May kumakaluskos sa may bubong namin!

Pumunta ako ng likod ng bahay at...

“Takte! Barong-barong na nga, ninanakawan n’yo pa?!”

May tatlong lalaking nakaitim na nahuli kong sumusungkit sa wallet ni Tatay mula sa bintana. Sumugod sila sa akin at naglabas ng kutsilyo. Putek! Matutulog na lang, mga taong ito talaga.

Sumugod sila at sumuntok, pero nailagan ko at umikot ako para makuha ko ‘yung kamay ng isa na may hawak na kutsilyo, pinilipit ko ‘yung braso niya at inagaw ang patalim saka itinutok sa kanya.

“Lapit pa. Para magilitan ng leeg ‘tong kasama n’yo.”

“W-wag...”

Ngayon, wag? Kaltukan kaya kita d’yan?! Tsk.

Tinulak ko na siya at nagtakbuhan na silang

tatlo.

Mga duwag. Mahirap na nga, ninanakawan pa.
Mga walang isip.

Tiningnan ko ‘yung kutsilyong hawak ko.

“May bago na naman kaming kutsilyo. Nice.”
Nawala tuloy ang antok ko. ‘Kainis. Kinuha ko na
lang ‘yung panungkit ko at pumunta sa tambakan.

Wala, try lang. Wala naman akong magawa eh.

Nagsalubong ang mga kilay ko nang may
marinig. “Hmm... Hmm...”

Ano yun? May umuungol.

“Hmm. Hmm.”

Tae. May gumagawa ng milagro sa tambakan
ng basura?!

“Hmm... Hmm...”

Potek, kadiri!

“Sino ‘yan?”

“Hmm... Hmm...”

Pumunta ako sa gilid ng tambakan.

Wala namang tao. May aswang kaya dito?

“Sino ba ‘yan ha?” singhal ko.

“Dito!” sabi nung umuungol.

Naglakad pa ‘ko nang konti, at may nakita akong isang lalaking walang pang-itaas, nasa pagitan ng poste at tambakan ng basura.

Tumingin ako sa langit. *Hinulog Mo ba ‘to, Lord? Ba’t naman po sa basurahan?*

Nilapitan ko siya at umupo sa harap niya. Sinundot ko siya sa braso.

“Hoy.” *poink*

Shet. Ba’t ang tigas?

“Hoy.” *poink* *gulp*

Ang tigas talaga. Ano ba ang meron sa braso nito? Nag-aararo ba ‘to sa palayan?

“Hoy!”

“Kung manananching ka... hawakan mo na lang, hindi ‘yung sinusundot mo lang. Sige ka, nakakabitin ‘yan,” sabi ng estranghero sa pagitan ng pagsinok.

Lasing pala ang loko. Ang yabang pa.

“Eh ang kapal naman pala ng mukha nito, eh.”

Tumayo na 'ko at tumalikod. Gago 'yun, ah.

“Hey! Come back here! Tulungan mo naman ako dito.”

Hinarap ko siya ulit. “Sige. Ipagdadasal kita. Sapat na ba 'yun?”

“Ialis mo ko dito! Ambaho dito.”

Oo nga naman. Mabaho nga naman sa basurahan. Mapanghe pa dun sa poste. Ang tanga naman kasi ng isang ito; dito pa natulog.

“Pilay ka ba? Baldado? May polio ka ba? Hindi ka ba marunong tumayo at maglakad para ako pa ang mag-alis sayo d'yan?”

“Tanga ka ba? Bulag ka ba? Wala ka bang common sense? Hindi mo ba gets na lasing ako at hindi ko kayang tumayo dahil sobrang sakit ng ulo ko?” paungol halos na asik niya.

“Wow ha! So obligasyon ko pala na alalayan ka pag nalasing ka?! Lul!”

“Five hundred kapag tinayo mo 'ko dito. Five hundred pag nilakad mo 'ko. One thousand pag pinatuloy mo 'ko sa inyo ngayong gabi. O, ano? Okay na?”

Bah! Ayos, ah! Tutulungan ko lang, dalawang libo agad! Nag-isip muna ‘ko saglit.

“Napakabaho dito. Are you planning to let me die in suffocation huh? Tulungan mo na ‘ko!”

Huwaw! Demanding!

“What?!” Tulungan ko na nga, baka umiyak pa eh. Kawawa naman. Lumapit na ‘ko sa kanya at inalalayan siya sa pagtayo.

“Five hundred,” sabi ko.

Tiningnan niya ako nang masama.

“Wag mo ‘kong tingnan nang ganyan baka dukutin ko ‘yang mata mo at ipalapa sa kalso.”

“What’s kalso?” tanong niya.

“Kalyeng aso.”

Napangiwi ito. “Tss. Joke ba ‘yun?”

“Natawa ka ba? Sikmuraan kita d’yan eh. Manahimik ka na, amoy imburnal ‘yang bunganga mo.”

“Wha—?”

“Ah! Ah! Hihirit pa?” singhal ko.

“Tsk.”

Pinatong ko ‘yung braso niya sa balikat ko saka inalalayan siya sa paglalakad.

“One thousand,” sambit ko nang ipasok ko siya sa bahay namin at pinaupo.

“Ano ‘yan, Deli? Sino siya?” tanong ng kapatid ko.

“Ah wala, Kuya. ‘Yung adik sa kanto na lasing. Eh, tropa ko kaya patuluyin muna natin.”

“O, sige. Tulog na ‘ko, ah. Ikuha mo siya muna ng damit sa damitan ko.” Tumawa ang kapatid ko habang nakabaling sa bisita. “Ayos ka, p’re ah. Pag naglalasing, kailangan talaga nakahubad? O siya, Deli, ikaw na bahala d’yan, matutulog na ‘ko.”

Pumasok na si Kuya sa kwarto niya, at ako naman ay tiningnan lang ang lalaking napulot ko sa basurahan.

“Two thousand. Tulog ka na.”

“Teka—nasan ‘yung damit?” untag niya.

“Di ‘yun kasama sa usapan. One thousand para sa damit.”

“What? Huh! Fine! Akin na! Paligo din ako.”

Umiling ako sa kanya. “Paligo? Tsk tsk. Wala din ‘yun sa usapan.”

“Wala ka bang sense ng pakikipagkapwa-tao?”

Seryoso ko siyang tiningnan. “Hindi ito bahay-ampunan. Walang libre sa lugar na ‘to.”

“Aish! Fine! How much?”

Iyon ang gusto ko sa mayayaman, eh. Madaling kausap. “2K,” sabi ko.

“What?!”

Tinaasan ko siya ng kilay. “May reklamo? Walang bayad, walang ligo.”

“Tss, fine!” Napakamot siya sa ulo.

“Good.”

Bumulong siya, “Baka mamaya pati paghinga, may bayad na dito.”

“Nice! Good idea, limang piso kada inhale, limang piso kada exhale.”

“You’ve got to be kidding me.”

Natawa ako. “Oo na. Kawawa ka naman. O damit,” abot ko sa kanya ng kamiseta. “Dun ang banyo. ‘Tulog na ‘ko.”

“Wait. After kong maligo, s’an ako matutulog?”

Nginitian ko siya. “Easy. Kung s’an ka magkasya.”

“Wow. You’ve got some guts there huh.”

Nagmaywang ako. “Bakit? Choosy ka pa?”

“Geez. You got some towel in here?”

“Sa banyo meron.”

Pumasok na siya sa banyo.

Akala ko choosy pa eh, sipain ko ito palabas eh.

Uminom muna ako ng tubig. Pagbalik ko...

“Tingnan mo nga naman ‘tong lalaking ‘to. Binigyan mo na ng damit, iniwan pa dito sa labas. Tsk tsk.”

Pahiga na sana ako katabi ng mga kapatid ko, kaya lang—

“What are you staring at?”

Lumabas ang bisita namin na ‘yung pang-ibaba lang ang nakatapis. Exposed na exposed at parang kumakaway-kaway pa ang abs niya sa akin.

Hutaena. Ang init!

Good morning, Philippines! May pandesal na ‘ko

agad!

Napailing ako at napatingin sa kapatid kong tulog na tulog. “Dalian mo ngang magbihis!”

“Magkano pag itinimpla mo ako ng kape?”

Lintsak! B’at ayaw niya pang magbihis? Nananadya ba siya?!

Napalunok ako. “Five hundred. Magbihis ka na nga!”

“Bakit ba taeng-tae ka d’yang magbihis ako? Alam mo ba ‘yung feeling ng nakainom? Mainit kaya sa pakiramdam!”

Tiningnan ko ulit siya. Pababa dun sa mga pakete niya. Woooh! “Pwede bang magbihis ka na lang at bukas mo na ako abalihin? Matulog ka na pagkatapos mo d’yan.” Humiga na ‘ko sa tabi ng mga kapatid ko.

“Geez.”

TAKE 2

PAYNE GUEVARRA

Delilah's POV

“Kokorokok! Kokorokok!” panggagagaya ko sa manok sa tapat mismo ng mukha ng bisita namin na natutulog pa.

“What the heck?! Let me sleep!” asik niya.

Gising na kaming lahat maliban dito sa lalaking napulot ko sa basurahan kagabi.

“Anak, boypren mo ba siya?”

“Ang gwapo niya, Ate.”

“Baka buntisin ka lang niyan.”

“Ano ba naman kayo. Di ko nga kilala ‘yan, eh. Tinulungan ko lang kasi mukhang mayaman at may kasunduan kami niyan.”

“YUAN! Bakit may fans dito sa kwarto ko?!” biglang asik ng lalaki.

“Ano daw? Yuan?” tanong ko.

“Nasan ang fans?” Ang nanay ko.

“Nasan ang kwarto niya?” Ang kuya ko.

Nagsasalita ito nang tulog?!

Sinipa ko siya dahilang para mahulog siya mula sa bangko na hinigaan niya.

“OUCH! What the...?! What’s your problem?”

“Gising na buong Pilipinas, ikaw naghihilik ka pa rin. Bumangon ka na d’yan! Bayaran mo na ako at lumayas ka na dito.”

Tiningnan niya ‘yung buong barong-barong namin tapos tumayo siya, lumabas ng bahay nang hindi man lang nagpapaalam.

Huwaw! Bastos ’to, ah!

Sinundan ko siya sa labas. “Hoy! Ano’ng problema mo ha?!”

Naglabas siya ng wallet at inabutan ako ng five thousand pesos. Ayos!

“Di ka man lang ba magpapaalam sa mga magulang ko?”

Napakunot ang noo niya. “Binayaran kita, di ba? So hindi ko obligasyong kausapin ang pamilya mo.” Tapos, umalis na siya.

Huwaw lang talaga!

“DI KA MAN LANG NAGPASALAMAT!”

“I PAID FOR ALL OF IT, AND YOU DIDN’T SAY THANK YOU AS WELL!”

Hambog. Pumasok na ’ko ulit sa bahay.

“Mukhang hindi maganda gising nung tropa mong ‘yun, ah,” komento ni Kuya.

“Okay lang. Nagbayad naman siya, eh.” Tapos, inabot ko kay Nanay ‘yung pera.

“Anak, s’an mo nakuha ’to?”

“Bayad po nung lalaki kanina.”

“Anak naman, bakit mo naman pinabayaran ‘yung ginawa mong pagtulong?”

“Eh, ’Nay, isipin mo na lang, ‘yang ibinayad niya, tulong niya rin sa ’tin. Sinuklian ko lang sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa kanya dito.”

“’Nay! Ate! Kuya! Si Tatay!” tawag ni Jelyn.

Napatakbo kaming lahat papunta sa kwarto nina Tatay. Sumasakit na naman daw ‘yung tagiliran niya, tss...

“Dalhin na natin siya sa ospital!”

“Nay, Kuya, kayo na lang po ang magdala kay Tatay. Ako na po bahala kina Jabi. Gamitin n’yo po ‘yung pera na binigay nung lalaki kanina!”

“Tara na, ‘Nay!” Sumakay na sila sa pedicab at umalis na, patungo sa syudad kung saan naroon ang pinakamalapit na ospital.

Makalipas ang dalawang oras...

“Nandito na kami.” Pumasok muna sina Nanay at Tatay sa bahay, kaya kami ni Kuya ang nag-usap.

“O, ano’ng sabi ng doktor?” untag ko.

“May bukol daw ang Tatay at kailangang maoperahan agad. Seventy-five thousand daw ang kailangan para dun. S’an naman tayo kukuha ng ganun kalaking halaga?”

“Iisip ako ng paraan, Kuya.”

“Naubos na agad ‘yung limang libong binigay mo kasi may kamahalan ‘yung mga gamot ni Tatay.”

“Ayos lang ‘yun, Kuya.”

“P’ano ‘yan, may pasok na si Jelyn bukas?”

“Hayaan mo na, Kuya. Wag kang masyadong

mag-isip at baka ikaw naman ang mapaano.”

Mayamaya pa pagkatapos kumain, naghanda na 'ko para magkalkal sa tambakan. Kailangang makaipon. Pero pagkalabas ko ng bahay...

“Sumama ka sa 'kin.”

Hinatak ako nung lalaking nakitulog sa amin papunta sa... teka, kotse?!

May naligaw na kotse dito sa lugar namin! Ang ganda. Magkano kaya 'to? Pag kinarnap ko kaya 'to, magkano ko maibebenta? Aabot kaya ng seventy-five thousand?

“S'an mo 'ko dadalhin?”

Tiningnan niya ako. “What's with the outfit?”

Kunot-noong niyuko ko ang sarili ko. “Bakit? Ano'ng problema sa suot ko?”

“Mukha kang basurera.”

“O, ano'ng mali dun eh, basurera naman talaga ako?”

“Tsk. Whatever. Tell me kung saan ang daan palabas sa lugar na 'to.”

Nginitian ko siya. “Ten thousand.”

“WHAT?! Manggagantso ka talaga ’no?! I’m not giving away my money!”

“Okay, madali naman akong kausap eh. Walang ten thou, walang uwi.”

“Hindi mo ba ’ko kilala? Isa akong sikat na artista tapos bina-blackmail mo ’ko?”

Teka—artista?

P’ano nangyari ’yun? May artista sa basura?! Ehhh?!

“Sa wala kaming TV dito eh. Ano’ng magagawa ko? Saka, nasa teritoryo kita. May karapatan akong pagtripan ka.”

Pinanlakihan siya ng mata ng estranghero. “Wow. You’re unbelievable.”

“Kung ayaw mo, lumayas ka na. Bahala ka sa daan mo pauwi.”

Lalabas na sana ako pero ang g*go ayaw pa rin akong tantanan.

Psh.

“Siguro sa sobrang tapang at sungit mo, you haven’t been in a relationship before ’no?”

Relationship? P'ano naman nasama 'yun sa usapan? Ang layo, ah.

“Relasyon? May relasyon ako sa Diyos, sa tatay ko, sa nanay ko, sa mga kapatid ko, sa mga kaibigan kong tambay dito; ano pa bang relasyon ang kailangan ko?”

“May sakit ang tatay mo, di ba? What if I offer you a job?”

“Teka, p'ano mo nalaman 'yun?” gulat na tanong ko.

“I saw and I heard them kanina, nung sumakay sila sa pedicab.”

Eh tsismoso naman pala 'tong hinayupak na 'to, eh.

“O, 'yung pedicab na 'yun na lumabas. Di mo naisip sundan 'yun para makauwi ka na?”

“Oo nga 'no, ang tanga naman,” bulong niya. Tumikhim siya. “Hmm, never mind that, so are you considering my offer?”

'Yung trabaho? Mukha namang mayaman 'tong taong 'to, kayang magpasuweldo.

“Ano ba 'yan? Welding? Construction? Sindikato?”

Tagalinis ng portalet? Tagakolekta ng basura? Tagahanap ng kalakal? Manghohold-up? Sa Budol Budol Gang?”

“What the heck! Ano’ng akala mo sa ’kin? Gang leader?! Tsk. No. I want you to be my personal assistant.”

“Ano ‘yun?”

“Ikaw ang gagawa ng lahat para sa akin.”

“Sus, personal-personal assistant ka pang nalalaman, katulong lang naman pala ang kailangan mo.”

“So tinatanggap mo na?”

“Hindi.”

“Ha? Why not?”

“Ayokong magkaroon ng kahit na anong ugnayan sa inyong mayayaman.”

“Eh, pinagtagpo nga tayo ng tadhana eh.”

Wow! Pinagtagpo ng tadhana?! Saan niya naman hinugot yon?

“Ano ba kasi’ng ginagawa mo sa basurahan?”

“Grabe ka! Wala naman ako mismo dun sa

basura! Nasa gilid lang ako!” angal niya.

“Eh, kaya nga! P’ano ka ba napunta dun?”

“Tsk, kailangan ko pang magkwento? Psh, kakatapos lang nung movie na pinagbidahan ko so may party. Nalasing ako, nag-insist na umuwing mag-isa. Dahil nga lasing ako, nag-overspeeding ako, at hinabol ng pulis, then, iniligaw ko sila at pagdating dito sa lugar n’yo, kung s’an-s’an na ’ko napunta. Di ko na matandaan. Then, nung napagod ako at nakaramdam na naiihi na ’ko, lumabas ako para umihi dun sa poste. At napahiga na lang ako sa sobrang sakit na ng ulo ko. Malay ko bang may tambakan pala ng basura dun? At ‘yun na. The end.”

“Yak! Kadiri ka!” sabi ko. “Ba’t naman wala kang pantaas?”

“Eh mainit kasi sa loob ng kotse kaya ayun, hinubad ko.”

Napahinga ako nang malalim. “Di ko pa rin tinatanggap.”

“What?! I need to get a P.A. right away! Baka layasan na ’ko ni Yuan! Na-low batt na nga ‘yung cellphone ko kakatawag niya, eh.”

“Sino naman si Yuan? Ba’t ka niya lalayanan?”

Pangalan ng lalaki 'yun, di,ba? Tapos, takot siyang layasan siya nung Yuan? Waaah! Bakla ba siya?! Sayang naman ang mga pakete.

“Bina-background check mo ba 'ko? Aish. Whatever. Basta to sum it up, Yuan is my manager, and I'm a pain in the ass, lahat ng nagiging P.A. ay either kinakama ko o pinagtitripan ko. Kaya last try ko na 'to or else, iiwan na 'ko ni Yu at mawawalan ako ng career. Kaya pumayag ka na please!”

“Kinakama mo talaga?! Kadirdir ka naman, tae ka! Hmp! Ba't naman ako?”

“Kasi alam kong di ko gugustuhing ikama ka, at di rin kita mapagtitripan kasi masungit ka.”

“Wow, ha! Ang kapal talaga ng mukha mo! Ayoko!”

Lalabas na sana ako ng kotse niya nang may sabihin pa siya.

“Three months. One hundred-day contract. Fourteen weeks. Five thousand per week, bukod pa 'yung bonus at allowance. Libre ang pagtuloy sa condo, pagkain, transpo. Pwede kang umuwi pag okay na 'ko. You just have to be there pag may trabaho ako. And you should be ready 24/7. No strings attached. Ano? Ayaw mo pa rin?”

FIVE THOUSAND PER WEEK?

I-times n'yo nga! Bale, seventy thousand agad?! Tapos, may allowance at bonus pa?! Ang yaman naman ata nitong taong 'to, siguro bigtime talaga 'tong artista na 'to 'no? Hmm. Mapapagamot ko na n'un agad si Tatay. Sige na nga. Para kay Tatay.

“What? Payag ka na?”

Tumango ako sa kanya. “Sige na nga, sige na!”

Napakunot na naman 'yung noo niya. “Whoah, napipilitan?”

“Sus! Ako pa ba choosy? Hindi ah.”

“Okay.” Sumeryoso siya. “What’s your name?”

“Delilah Mercado.”

“What? Delilah? Geez, ambaho ng pangalan mo!” Dinugtungan pa niya iyon ng malakas na tawa.

Gag to, ah! Pasalamat ka, gwapo ka! Kung di baka nabangasan na kita d'yan!*

Sumimangot ako. “Hmp, bakit ikaw ba? Ano'ng pangalan mo?”

“Payne. I'm Payne Guevarra.” Ngumiti siya at nag-abot pa ng kamay para makipag-handshake.

Pero di ko tinanggap.

“Wow! Ikaw pa talaga ang choosy!” tawa niya.

“Psh.”

Pinagmasdan ko siya. “So tell me the way out.”

“May 10k ka d’yan?”

Pinaikot niya ang bilog ng mata. “Oo na.”

“Yan. Ganyan lang dapat.”

Payne’s POV

Wala namang perpektong buhay. Lahat may depekto. Lahat may pagsubok.

Lahat may mga taong hindi makikiayon sayo. Lahat may sakit na mararanasan.

Parang ‘yung akin. I thought my life was perfect. I have one happy family. A healthy showbiz career. A responsible manager. Good friends. Good life.

Pero nung namatay si Ate, nag-umpisang maglaho isa-isa na parang bula ang mga bagay na pinahahalagahan ko. Pati nga sarili ko—‘yung dating ako—nawala na.

Since my Ate died, iniwan na 'ko nina Mom and Dad. That was why I changed. I still have my career, but my best friend and manager, Yuan, di na maganda ang samahan namin.

Pagkatapos, nag-iba na rin ang tingin sa 'kin ng mga co-stars ko.

“Payne naman, p’ano kung nabuntis mo ‘yung P.A. mo na ‘yun?’”

“May protection naman ako, pare.”

“Payne...” Bumuntong-hininga siya. “Ewan ko kung nage-gets mo na I’m doing this for you. Kung di mo kayang magpigil, kung di mo kayang tulungan ‘yang sarili mo na ituwid ‘yang ugali mong ‘yan... I would have to leave you. Pare, iba ka na, eh. Di na ’ko natutuwa sa mga ginagawa mo.”

Pumalatak ako. “Sorry na, Yu. Pero, pare, I thought you know my story.”

“Oo nga. Alam kong ‘yun ang dahilan mo. Pero tell me kung dapat buong buhay mo ay maging ganyan ka dahil dun. Pag umoo ka, you can start looking for a new manager. Pare, mali na eh. Three years? Hindi na siya reasonable. Matalino ka, Payne, alam kong alam mo ang tinutukoy ko. Don’t be childish. Live for yourself.”

I sighed. "Okay, Yu. I'll try to catch up. Sorry."

"Payne, umayos ka na. This will be the last. And I want you to find your new P.A., 'yung tatagal. Or else, alam mo na kung s'an ka makakahanap ng manager."

'Yan 'yung huling usapan namin ni Yuan, bago 'yung party. Sa sobrang pagka-down ko, naglasing ako nang sobra leading me to...

VIOLA! My new P.A., Delilah Mercado!

Mukha siyang pera at marunong siyang tumupad sa usapan. Kaya I know, she will do good.

"Which way?"

"Kanan." Sa wakas, makakalabas na din ako dito sa mabaho at masikip na lugar na 'to.

"And then?"

"Dun sa may tindahan, lumiko ka."

Matapos ang ilang minuto...

"Great! Nakalabas din!" bulalas ko.

"O, hinto na. Akin na'ng pera, uuwi na 'ko."

"No. We've got a lot of things to do for today. Don't worry, I'll give you your downpayment later. Sumama ka muna sa 'kin."

“Psh.” Nag-drive na ’ko papuntang condo ko.

Hindi ko naman siya ire-rape, ano. Wala akong balak. Artista ako. Basurera siya. So. Not. Possible. Yuck.

Nang makarating kami sa condo unit ko...

“I know what you’re thinking,” sabi ko.

Iniiisip ni Delilah na may gagawin akong masama sa kanya kasi kaming dalawa lang ang naroon.

“Buti naman. Tara na.”

Huh?! Gusto niya rin?!

“Wait, what? Tara na saan?” litong tanong ko.

Geez!

“Alam mo iniisip ko, di ba? Edi ano pa’ng hinihintay mo? Tara na.”

“ANO KA BA!” asik ko. “ANG AGA PA PARA GAWIN ‘YUN! AT AYOKO SAYO! YOU’RE NOT MY TYPE!”

Napataas ang kilay ni Delilah. “Kailangan ba may type-type pa kapag kakain sa condo?”

“K-kakain?” ulit ko.

“Oo, kakain. Shunga ka ba? Ala una na ng hapon, ni patak ng tubig hindi pa napasok sa bunganga ko.”

“Ah, I’m sorry. I thought—never mind. Dun na lang sa unit ko. Marunong ka bang magluto?”

“Ng tahong, ng pagpag. Marunong akong magprito ng tuyo at itlog. Magbukas ng lata ng sardinas at magluto ng nilagang kamote at saging na saba. Kung may asin kayo, okay na ‘yun. Gutom na talaga ako eh.”

Kawawa naman ’tong babaeng ’to. Nagpa-deliver na lang ako para mas mabilis.

“D’yan ka muna sa sofa, nagpa-deliver na ako. Magsa-shower lang ako saglit.”

After thirty minutes...

“What the...?!” singhap ko.

‘Yung delivery boy, nasa sofa kasama niyang manood ng TV!

“O, Payne....” Napatigil si Delilah sa pagsasalita at napatingin sa katawan ko. Para sa isang babae? Ang manyak niya, huh. “P-pinapasok ko muna siya, hindi ka pa pala nagbabayad, loko ka!” Tumawa siya, pero parang peke ang tunog niyon.

Sabay iwas siya ng tingin. Tapos, namula! Nakakatawa talaga.

Kinuha ko ‘yung wallet ko at inabot ang pera sa delivery boy.

“Thank you po. Ah, sir, pwede po pa-picture?”

Wala akong pang-itaas tapos magpapa-picture siya? Hibang ba ‘to?

“Kahit pa-autograph lang, sir! Sige na po, please!”

Kumuha ako ng ballpen saka picture ko. Tapos pinirmahan ko ‘yun. “Eto o. Okay na?”

“Thank you po!” Tapos, umalis na siya.

Napapikit na lang ako at napahawak sa noo ko.

“Nasa TV ka, oh! Ang galing.” Tiningnan ko si Delilah. Ang bipolar niya. Kanina masungit tapos ngayon, parang kabababa lang sa bundok.

“May nagpa-autograph sayo so artista ka pala talaga!”

I can’t believe her. Pumasok na ‘ko ng kwarto at nagbihis. ‘Langya ‘yung babaeng ‘yun. Three times na niyang nakikita ‘yung six-pack ko, ah. Dapat bawas sweldo ‘yun!

Lumabas na 'ko pagkabihis ko.

“Kainan na!” bulalas ni Delilah.

Thirty minutes later...

“Uwah! Ang sarap! Hmm... Pwede ba akong mag-uwi? Saka pwede na ba 'kong umuwi?”

“Pwede kang mag-uwi ng pagkain. Pwede ka nang umuwi? Of course not. Gagawin pa natin 'yung contract.”

“Okay. Dalian na natin para makauwi na 'ko.”

Kinuha ko 'yung laptop ko. At in-open ang *Word*.

“Okay..”

TAKE 3

CAMERA FLASH

Payne's POV

Ang kontratang ito ay para sa pormal na kasunduan sa pagitan nina Payne Guevarra at Delilah Mercado.

1. Ako, si Delilah Mercado, ay magiging personal assistant ni Payne Guevarra sa loob ng isang daang (100) araw.

2. Ako, si Delilah Mercado, ay pinapangakong laging magiging handa anumang oras para sa mga ipag-uutos ni Payne Guevarra.

3. Ako, si Delilah Mercado ay nangangakong aalagaan at poprotektahan ang pangalan ni Payne Guevarra bilang artista.

4. Ako, si Delilah Mercado ay nangangakong hindi mai-in love kay Payne Guevarra hanggang sa matapos ang kasunduan.

“Ba't may ganyan pa? Ang kapal talaga ng

mukha mo.”

“Para sure! Ang gwapo-gwapo ko, p’anong di ka mai-in love sa ‘kin?”

“Bukod sa makapal ang mukha mo, makapal ang mukha mo. Teka, nasabi ko na bang MAKAPAL ANG MUKHA MO?”

“Tss... Eto naman. ‘Yaan mo na ‘yan!”

1. Ako, si Payne Guevarra, ay nangangakong babayaran si Delilah Mercado ng limang libong piso kada linggo para sa kanyang trabaho bilang personal assistant.

2. Ako, si Payne Guevarra, ay nangangakong magbibigay ng dalawang libong piso kay Delilah Mercado kada linggo bilang kanyang panggastos.

3. Ako, si Payne Guevarra, ay nangangakong magbibigay ng “Bonus” kay Delilah Mercado tuwing katapusan ng buwan.

“Oh ‘yun na ‘yun? Pwede nang umuwi?”

“Wait lang! Wag ka ngang atat, ipi-print ko pa ‘to tapos pipirmahan natin!”

“Ay, pambihira! Ang dami namang arte! Hindi naman kita tatakbuhan eh!”

“Basta umayos ka! Tsk... O, ayan na! Tapos na! Pirmahan mo na!”

SIGNED BY: DELILAH MERCADO

SIGNED BY: PAYNE GUEVARRA

“O, ano? Okay na?”

“Psh... May cellphone ka ba?”

“Hello? May laman ba yang utak mo? Kita mo nang wala kaming makain, tingin mo, may kakayanan pa ‘kong mag-cellphone?”

“Ay, puro hangin ba ‘yang utak mo? P’ano kita mako-contact kung wala kang cellphone? D’yan ka lang.” Pumasok ako sa kwarto.

Kinuha ko ‘yung box ng cellphone.

“O, ayan!”

“O, ano na naman ‘to?”

Napakunot ‘yung noo ko.

“Utak ang laman niyan, di ba, ‘yan ang kailangan mo? Aish, ano ka ba naman? S’an ka ba nakatira? Sa disyerto? Tsk... cellphone ‘yan! Naka-save na ‘yung number ko d’yan. At wag na wag mong ipamimigay sa iba. At isa pa, wag na wag mo ring ibebenta ‘yan. Gets mo?”

“Huh! Oo! Psh...”

“Hmm, marunong ka bang gumamit niyan?”

“Oo, napapahiram ako ng tropa ko minsan.”

“Good. Tatawagan kita pag may emergency. Magpaturo kang magluto ng pagkain ng tao. Bukas pumunta ka dito ng six a.m. Ipagluto mo kami ng breakfast. Pupunta dito si Yuan. Tapos, may contract signing ako para sa isa pang movie.”

“Oo na! Psh.” Bumulong siya, “Gwapong antipatiko.”

Kinuha ko ‘yung wallet ko at inabutan siya ng 12k.

“Pwede, bumili ka ng damit? ‘Yung pang-tao? ‘Yung kahit papano ay may salitang ‘fashion’? Ha? Pwede?”

“Oo na. Psh.” Tapos, umalis na siya.

Hay! Ang sakit niya sa ulo!

Pag-upo ko sa sofa, saka ko lang naisip--

“Paano kung tinakbuhan ako nun?” Wala akong hawak sa kanya. P’ano ‘yun?

Tapos, dumating si Yuan nang wala siya?

Patay na ‘ko! Sh*t!

Tinawagan ko ang numero ni Delilah. ‘Takete! Di niya sinasagot!

Hoy! BA’T GANON?! *Sumagot kaaa!*

“Hello? Sino ‘to?” sabi mula sa kabilang linya.

“Bakit ang tagal mong sumagot?!” asik ko; muntik atakihin ng high blood.

“Eh, iba pala ‘to sa cellphone ng tropa ko, eh! Naghanap pa ‘ko ng may touchscreen dito para magpaturo!

Napa-facepalm ako. “Pambihira, tagabundok ka ba? Ba’t ganyan ka?!”

“Loko ka, ah! Bakit ka ba tumawag?”

“Tss. Just making sure na hindi mo pa ‘ko tinatakbuhan. Bukas, *pumunta* ka ah! Don’t be late! Six a.m. sharp!”

“Hoy, hindi pa ako nagsisimula! Baka gusto mong indianin kita d’yan!

“Okay. Basta. Kailangang maipakilala kita bukas kay Yuan.”

“Yuan ka nang Yuan, bakla ka ba?”

“Tss... Bukod sa manager ko siya, siya rin ang bestfriend-slash-kuya-slash natatanging kasama ko sa buhay.”

“Alam mo, para sa isang lalaki, ang daldal mo.”

Kumunot nang husto ang noo ko. “Alam mo para sa isang babae—”

“Ano?! Sige, ituloy mo.”

May warning sa boses niya, kinabahan tuloy ako.

“Ah... wala. Wala. Tsk. Sige na. Be here at six a.m. tomorrow ha!”

“Oo na, Daldal.”

Beep na ang sunod kong narinig.

Kita mo. Marunong magbaba, di marunong sumagot. Ang talino, shet.

Here we go, come with me,

There's a world out there that we should see—

Narinig ko ang tunog ng phone ko at ‘yun ang gumising sa akin. Idinilat ko ang isang mata ko para silipin ang oras.

6:47 a.m.

6:47 a.m.? Napadilat ako. What the heck, 6:47 a.m. na? Nasan ‘yung tagabundok na ‘yun?

Nag-ring ang phone ko at nakita ko ang pangalang Yuan sa screen.

“Hello, Yu!” agad kong sagot sa telepono.

“Bakit parang kinakabahan ka d’yan, Payne?”

“Ha? Ako? Kinakabahan? Sus! Akala mo lang ‘yun. Hehe.”

“Okay, I’m on my way na sa condo mo. I need to see your P.A. Malapit na ‘ko.”

“God!” bulalas ko.

“Why, Payne? Ano’ng problema?”

“Ha? Ah, wala! Sige na, Yu, ingat ka.”

“Okay.”

Tinapos ko na ang tawag. Oh, my Father God!
Nasan na ang tagabundok na ‘yon?

Tinawagan ko ang bago kong P.A. Geez! Hindi niya sinasagot! Hala! Inindian nga ata ako!

Son of Mackerel! Gara naman, o!

Noon naman tumunog ang doorbell. Napa-pray ako. Sana si Tagabundok. Sana si Tagabundok. Sana si Tagabundok.

Iyan ang nasa isip ko habang papalapit sa pinto.

Sana si Tagabundok...

“TAGABUNDOK!”

“What are you saying, Payne?”

Napabuntong-hininga ako. “Yuan.”

Patay na ‘ko. Talaga. “Pasok ka.”

“So where’s your new P.A.?”

“Ah... eh... kasi—”

“You didn’t get a P.A.? ‘Yun ba?”

Ba-bye, bestfriend.

Ba-bye, manager.

Ba-bye, career. *iyak dugo*

Tatango na sana ako pero...

“Sir! Good morning!” sabi mula sa likuran ng manager ko.

Si Tagabundok! Napangiti ako nang malapad.

“And who are you?” tanong ng aking kaibigan.

“Good morning, Sir Yuan. Ako po si Delilah Mercado at your service! Twenty-one years old. Personal assistant ni Sir Payne Guevarra. On-call for duty 24/7! Nice to meet you po!”

“Hmm... I am much aware that your call time for today is six a.m. So why are you *late*?”

“Ah! Kasi po... dyaran! Pinagluto ko po kayo ng menudo! Masarap po ‘yan!”

“Is that so? Na-late ka dahil pinagluto mo si Payne ng menudo? Is that enough reason?”

Hala, Tagabundok! Sumagot ka nang maayos!

“Eh kasi, Sir—”

Oh, no. Ano’ng sasabihin niya?

a. Matagal pong magluto dahil de-uling lang ang lutuan namin

b. Umuwi pa ‘ko ng probinsya para magkatay ng baboy

c. Maputik po kasi, nahirapan po akong bumaba ng bundok.

And the correct answer is...

“Nakasabay ko po kasi si Director Joseph Andrews sa elevator. Nalaman niya pong P.A. ako ni Sir Payne, niyaya niya po akong magkape at nakipagkwentuhan po siya saglit at pina-follow up niya po ‘yung schedule ni Sir Payne para sa contract signing mamaya para sa movie nila.”

Wow! Ang galing! Nyahahahaha!

“Well then, nice to meet you, Delilah Mercado. I’m Yuan, manager ni Payne.”

“Nice to meet you din po, Sir Yuan.” Ngumiti pa siya nang sobrang lawak.

“Payne, sa contract signing twelve p.m. mamaya—”

“Ah, Sir Yuan, ang sabi po ni Direk Joseph, two p.m. na daw po ‘yung contract signing kasi may presscon daw po after.”

Naku, wrong move.

Rule #1: Wag na wag puputulin sa pagsasalita si Yuan. Kasi pinaglihi ito sa kumukulong tubig.

“I was just going to say, sa contract signing, 12 p.m. mamaya, magkikita-kita ang casts for the pictorial, so dapat maaga ka. Then, followed by the contract signing. And the presscon,” dugtong ni Yuan.

“Sorry po, Sir.”

“Next time, Delilah, wag mo ‘kong pangunahan okay? Remember, I’m the manager and you are the P.A. Gawin natin ang trabaho natin nang tama, okay?”

“Yes, Sir.”

“Payne, mauna na ‘ko.”

“Ayaw mo bang kumain muna, Yu?”

“Nawalan na ‘ko ng gana. Kita tayo ng twelve.”
Pagkatapos, lumabas na siya.

“PHEW!” sabay kami ni Delilah na nagsalita.

“Ano’ng nangyari?”

“Bat ganun ‘yun?”

Sabay ulit kami.

“Mamaya na nga tayo mag-usap! Kumain muna tayo!” sabi ko na lang.

“Ano’ng nangyari? Ba’t ka na-late?” usisa ko kay Delilah.

“Sinabi ko na, ah! Paulit-ulit tayo?”

“So totoo ‘yun?”

“Ano’ng ‘kala mo sa ‘kin? Sinungaling? Huh!”

“Pero p’ano mo nalaman na ‘yun si Direk Joseph? P’ano mo nalaman ‘yung term na ‘presscon’? Ba’t nagkalaman bigla ‘yang utak mo?”

“Daldal talaga. Hmp. Bumili ako ng dyaryo kasi nakita ko ‘yung mukha mo d’un. Tapos, nasa balita ka, ‘yung pangalan at picture nung direktor, nandun din. Tapos, may presscon din na nakalagay. Teka, ano ba’ng ginagawa sa presscon, at sa contract signing?”

“Basta mamaya manood ka na lang. Wala ka namang gagawin dun bukod sa manood at iabot lahat ng kailangan ko at ni Yuan.”

“Ah, okay. Nga pala, bakit ganun ‘yung Yuan? Parang ang sungit.”

“Una, kasi naunahan ka niya. Pangalawa, kasi

late ka. Pangatlo, pinutol mo siya sa pagsasalita, at pang-apat, pinamukha mo sa kanya na parang mas alam mo pa ‘yung schedule ko. Kaya malamang maiinis ‘yun. Ang malas mo lang, pag hindi ka niya nagustuhan sa first impression, tatagal na ‘yun.”

“Eh pano ‘yun? Ayaw niya na kagad sa ‘kin?”

“Mabait naman ‘yun. Basta wag mo nang gagawin ulit ‘yung apat na ‘yun. Umayos ka lagi sa harap niya. At dapat magmukha kang intelehenteng babae, kasi naniniwala siya na, ang performance ng P.A. ay nakakaapekto sa image ng artist.”

“Ang arte. ‘Yun lang. O, ano na gagawin natin ngayon?”

Tiningnan ko ang oras. 8 a.m.? Hmm...

Binigyan ko siya ng magazine.

“Hindi ako kumakain ng papel.”

Napakunot na naman ‘yung noo ko. “Ano ba ‘yang utak mo? Ano lang pala laman n’yan?”

Tumulis ang nguso niya.

“Yuck. Ang tanda mo na para mag-pout.”

“Wow, ha! Gwapo mo, ah. Psh...”

“Tss. Nandyang sa magazine na ‘yan ‘yung profile ng mga co-artists ko, basahin mo at i-familiarize mo ang sarili mo. Para di ka nakanganga mamaya. Tapos, ‘ayan, manood ka ng TV.”

“Oo na!”

Tiningnan ko si Tagabundok. “Bah! Seryoso ah!” komento ko.

“Hmp. Dapat may bonus ako dito ah.”

“Sige, sige, mamaya. Tama na ‘yan. Tara, kain muna tayo.”

Pagkatapos naming kumain...

“Oy, Daldal, pwedeng umuwi muna ‘ko?”

“Ha, bakit? Di ka ba nagpaalam sa kanila?”

“Eh kasi, maliligo muna ‘ko.”

“What? Uuwi ka pa para maligo? May banyo naman ako dito.”

“Eh, wala naman akong dalang damit.”

“Wait lang.”

Pumasok ako sa kwarto ko at naghalungkat ng

damit. “O, eto try this.”

“Sabi na nga ba, bakla ka eh!”

“Hoy! Hindi ako bakla!”

“Eh ba’t may damit ka na pambabae?!”

“Damit ‘yan...” Bumuga ako ng hangin. “Damit ‘yan ng ate ko.”

“Wushuu! Damit ng ate! Laging ‘yun ang dahilan? Damit ng ate? Hmm.”

“Oo nga, damit ng ate ko ‘yan. Tss.” Umalis na ‘ko, nasagi ko pa nga siya.

Nakakainis. Badtrip! Nagtanong pa kasi eh!

Naligo na lang ako. Pagkatapos ko, nakita ko si Delilah na nag-aabang sa tapat ng banyo.

“Maligo ka na. Tapos, aalis na tayo.”

“Okay.”

Dumaan muna ako sa kusina para uminom. May nakita akong juice. Tapos, may note ‘yung kasama.

Daldal, ba’t ka na-bad trip? Kasalanan ko ba? Sorry
:(

Akalain mong nagiging kalmado din pala ‘yung

babaeng ‘yun paminsan-minsan.

Ininom ko na ‘yung juice. At least marunong siyang magtimpla niyon.

Ayoko na talagang maalala sina Ate. Tama na.

Naghintay na lang ako sa sofa para sa kanya at nang makaalis na kami.

“Okay na ‘ko,” sabi niya pagkalabas niya ng banyo. Napakunot na naman ulit ‘yung noo ko.

“Tomboy ka ba? Ayusin mo nga ‘yang tayo mo, para kang hindi babae. Saka marunong ka bang gumamit ng suklay? Tss.”

Okay na sana eh, bumagay sa kanya ‘yung cocktail dress. Nakasandals pa siya. Pero nabayukos naman.

Tss... Napakaignorante talaga nitong babaeng ‘to.

“Psh. Arte.” Naglabas siya ng suklay.

Ang haba pala ng buhok ni Delilah.

“E di ‘yan! Nagmukha kang tao! Tss... Tara na!”

“Alam mo, para sa isang mahirap, hindi halatang

baguhan ka sa pagsakay sa kotse. Hindi ka man lang nahihilo kahit konti.”

“Sanay na kasi talaga ako. Alam mo na, lagi akong laman ng mga get-away car.”

A-ano daw?! “Talaga?” nasabi ko lang.

“Haha, joke lang! ‘To naman! Nahihilo naman ako, konti nga lang.”

“Tara na nga.” Nag-drive na ‘ko papunta sa venue.

Pagdating namin dun, nagbatian lang ang mga artists tapos...

“Payne, get ready for the pictorial.”

“Kay, Jovs!”

Tiningnan ko si Delilah, paikot-ikot ang tingin niya sa paligid.

“Starstruck?”

Napailing siya. “Ba’t naman? Eh mga tao din naman ‘yan.” Suminghot siya. “Anong amoy ‘yun? Amoy-bakla!”

“What are you saying there?” sagot ng isang boses.

O, hindeee! Si Yuan!

“Yow, Manager Yu! Tanghaling tapat nag-aalboroto ka d’yan. Tawag ka ni Direk!” sabi ko.

“S’an mo ba ‘yan napulot, Payne? Paayusin mo ‘yang P.A. mo, ah. Malaking problema ‘yan pag narinig ng producer at ng staff ang mga kabalbalan niya.”

“Chillax ka lang, Yu. Ang bata mo pa, baka magka-wrinkles ka niyan sa sobrang sungit mo.”

“I told you already, Payne. Mag-ingat ka dahil kapag nagkamali ka, mahirap nang baguhin ang mga nangyari na. I don’t want you to regret anything, Payne.”

“I have nothing to lose, Yu. I already lost everything.”

Naiiling na umalis na siya.

Honestly, wala na talaga akong pake kung mawala pa ang career ko o si Yuan. I don’t know why I’m still holding on, eh wala naman na akong pamilya.

“Hoy, Daldal, lutang ka ata. Problema?”

Tiningnan ko lang siya saka nginitian. Tapos

umalis na 'ko para harapin ang pictorial.

Pose dito, pose d'yan. Walang kamatayang flash ng camera ang nakatapat sa 'kin buong araw. Mapa-pictorial, interview o sa mismong eksena na sa pelikula. Wala akong takas sa camera.

Nang nasa kotse na kami, nagkomento si Delilah...

“Ang plastic mo kanina sa harap ng camera, Daldal. Ganun ba kayo lagi?”

“Yup. Ganun madalas. Halata ba masyado?”

“Na plastic ka? Tingin ko, oo, pero dahil bulag na ang tao ngayon sa flash ng camera na nakatutok sa inyong mga artista, hindi na nila napapansin 'yun. Ang alam lang nila, perpekto kayo.”

“Sa harap ng camera, kailangang masaya ka kahit ang totoo, basag na basag ka na. Mahirap magpakatotoo, kasi lalong lalagapak ang mundo mo pag nasira ka. Pag naging artista ka, nabubuhay ka na para sa iba, kasi standards na nila ang sinusunod mo. Wala ka nang pagkakataong maging ikaw.”

TAKE 4

ANG TALUMPATI

Payne's POV

“Ang lalim nun, ah. Okay lang ‘yan, Daldal. Basta pinapasweldo mo ‘ko, okay lang na malungkot ka. Wag na wag mo lang idadamay ang sweldo ko. Kasi ‘yang mukha mo, lalagapak ‘yan sa semento.”

“Mukha ka talagang pera,” tawa ko.

“May nakikita ka na bang peso sign sa mga mata ko?” balik niyang nagtatawa rin.

Ngumiti ako. “Pwede ka nang umuwi. Ano, ‘hatid na kita?”

“Wag na, kaya ko na. Nga pala...”

“What?”

“Ah, wala. Sige, d’yan na lang ako sa may kanto. Ingat.” Tapos, umalis na siya.

Ano naman kaya ang sasabihin nun?

Pagdating sa aking unit, kakahiga ko pa lang nang biglang tumunog ‘yung doorbell.

Ugh! What now?

Tumayo ako para pagbukisan ‘yung epal na gabi na e nangbibwisit pa.

“Delilah? What are you doing here?” salubong ko sa kanya.

“Ahm, naisip ko lang, wala kang kasama dito sa condo mo. At maaga ang pasok ko bukas sayo, di ba? So dito na lang ako matutulog.”

Pumasok na siya, naglabas ng kumot, pinatay ang ilaw at TV saka humiga na sa sahig.

“Good night, Daldal.”

Okay? Ang bilis nun, ah.

Nilapitan ko siya. “You can use my room. Wala naman akong balak matulog ngayong gabi eh.”

Dumilat siya at ngumiti. “Okay, salamat.”

Tumayo na siya at pumasok sa kwarto ko, natanga na lang ako dun.

Okay? Salamat? ‘Yun lang? Ni hindi man lang ako tinanong kung bakit hindi ako matutulog?!
MANHID BA SIYA?!

Pumasok ako nang padabog sa kwarto ko.

“Binabawi ko na. Matutulog na ‘ko, dun ka na ulit sa labas.”

“Okay.” Walang reklamong tumayo na siya at lumabas ng kwarto.

“Tekal” Ang pangit naman kung akong lalaki ang nasa kama at siyang babae ang nasa sofa.

Tsk. ‘Langya naman. Ang bait ko naman kasi, eh!

“Dun ka sa sofa.”

Who cares?! Condo ko ‘to kaya dun ako sa kama ko matutulog! Nyahahahaha!

Pumasok na ‘ko. At humiga. Sana makatulog ako.

Delilah’s POV

Hindi ako makatulog. Hays. Hindi ako sanay sa ganitong lugar. Walang ipis na gumagapang, walang dagang pumupuslit, walang pusang naglalambingan sa bubong. Walang kapatid na sumisipa sa mukha ko.

Umuwi na kaya ako? Sige, uuwi na lang ako.

Hindi na ‘ko magpapaalam. Tulog naman na yata ‘yung madaldal kong amo, eh. Tumayo na ‘ko

at lalabas na sana kaso...

“Akala ko natutulog ka na?” sabi ko.

Bigla kasing lumabas si Daldal mula sa kwarto niya.

“Saan ka pupunta?” tanong niya.

“Ah, eh... uuwi na sana ako.”

“Ha? Bakit? Hindi ka ba makatulog sa sofa? Dun ka na sa kama, dito na lang ako.”

Nice! Ang bait! Patulan ko kaya? Ang laki pa naman ng kama ng daldal na ‘to. Kasya kaya kaming buong pamilya sa kama niya? Arborin ko kaya ‘yun?

“Hindi. Hindi naman ‘yun, eh.”

Hanep, ang bait ko naman. Babaeng-babae ako dun, ah.

“Eh, ano?”

“Masyadong malinis ‘tong lugar mo, hindi ako sanay.”

“Sus. Dumito ka na. Ang arte mo.”

“Hindi nga ako makatulog.”

“O, ano’ng gagawin mo niyan?”

“Ikaw ba? Ano ba’ng pwedeng gawin dito sa lugar n’yo nang ganitong oras? Ang lamig pa naman. Kaya lang, tayong dalawa lang ang nandito. Ano’ng gagawin natin?”

Gusto ko sanang maligo. Na-miss ko nang maligo sa bathtub. Di kasi tulad dun sa ‘min, isang oras bago ka makaligo ng mainit na tubig, magpapakulo pa kasi.

“Alam ko na! Tatal hindi ko pa naman nararanasan ‘yon sa ganitong klase ng lugar, tingin ko naman pwedeng gawin ‘yun.” Ang ganda-ganda ng bahay niya kaya malamang may ganun dito.

“A-ano’ng sinasabi mo d’yan?”

Nakita ko ‘yung mukha ni Daldal. Ba’t siya namumula? Umaandar na naman siguro’ng kamanyakan nitong taong ‘to. “Paligo ako. Nakita ko sa TV, ‘yung ganitong mga lugar, meron kayo nung maliit na swimming pool na naglalabas ng mainit na tubig.”

“P-paligo? ‘Yun lang?” tanong niya.

Sabi na nga ba, eh. ‘Yun ang iniisip ni Payne. Akala ko ba hindi niya ako papatusin dahil basurera lang ako? Anyare?

“Bakit? May iba pa ba? Ano ba’ng iniisip mo d’yan? Namumula ka.”

Hinawakan ko ‘yung magkabila niyang pisngi, ang init. Tiningnan ko siya mata sa mata kaso iniwas niya ang tingin niya.

“A-ano ba!”

Haha! Nauutal ang loko, o.

“Nakuuu! Ang init ng mukha mo! Puro kahalayan na naman ‘yang nasa isip mo!”

“Anong kahalayan ka d’yan?! Ang bastos mo.”

“Wah! Ako talaga?” tawa ko. “Guilty ka, Daldal, ah.”

“Maligo ka na nga!” Inalis niya ‘yung mga kamay ko sa mukha niya tapos bigla siyang tumayo. Nakaupo kasi kami sa sahig, eh.

“Ayoko naaaaa! Baka mamaya pasukin mo pa ‘ko sa banyo. Kawawa naman ako, wala akong kalaban-laban.”

Sumimangot ang boss ko. “Mandiri ka, oy!”

“Ang ganda ko, oy!”

“S’an banda? Mula leeg hanggang paa!”

Loko 'to ah!

“Bakla ka kasi. Gusto mo ata, mas maganda ka sa 'kin.”

Sumeryoso siya. “Isa pa, hahalikan kita d'yan.”

“Hahalikan mo 'ko? Lalayasan kita.”

“Iba ka. D'yan ka na nga, matutulog na 'ko!
Good night!”

“Good night!”

Pumunta na siya sa sofa at nagtalukbong ng kumot. So ibig sabihin, dun ako sa kwarto niya?

Umabot yata hanggang sa kalsada ang ngiti ko.

“Kama. Kama. Kama. Dun ako sa kamaaaaaa.
Lalalala~~”

Pumasok na 'ko sa kwarto niya at natulog.

Kinabukasan...

“Hoy, Tagabundok, gumising ka na!” May sumundot sa balikat ko. “TAGABUNDOOOOOOK!!!” Niyugyog ako. “Hooooyy!!!”

Lumagapak ako mula sa kama dahil sa pagtulak sa akin. Bumangon ako mula sa sahiq.

“ANO BA’NG PROBLEMA MO SA MUNDO, AH?! WAG MO NGA ‘KONG IDAMAY! KITANG NATUTULOG ‘YUNG TAO, EH!”

Biglang bumukas ‘yung pinto.

“Sinisigawan mo ang amo mo? Anong ugali ba talaga ang meron ka?”

Nagising ako bigla.

Hala! Si Yuan! Tiningnan niya si Daldal. “Payne, saan mo ba napulot ‘yang babaeng ‘yan? Parang walang pinag-aralan.”

“Pare...”

Nilapitan ako nung Yuan. “Kung hindi mo aayusin ‘yang pangkalye mong pag-uugali, matatanggal ka sa trabaho. I’m kind enough to give you another chance to prove yourself dahil sa totoo lang, asal-kalye ka based on the impression you left to me, pero dahil ikaw ang P.A. ni Payne, I gave you considerations. Ngayon kung patuloy mong papairalin ‘yang kagaspangan ng ugali mo, better na mag-resign ka na.”

Umayos ako ng tayo at tiningnan ko siya sa mata. “Pangalan ko lang ang alam mo, hindi ang pagkatao ko. Alam mo ang ugali ko pero hindi ang

pinagdaanan ko. Wag kang magsalita as if alam mo kung saan nagmumula ang mga kilos ko. Nag-aral ka, edukado ka. Kung totooong nag-iisip ka, gagamitin mo ‘yang utak mo bago ka manghusga ng kapwa. Hindi ako pinalaki ng mga magulang ko para lang pagsalitaan at husgahan ng tulad mo.”

Payne’s POV

Pagkatapos magsalita ni Delilah, kinuha niya na ‘yung mga gamit niya at umalis na. Teka, wala na naman ba akong P.A? Wala pa siyang isang araw. Ano ba yan!

“Basura.” Si Yuan.

Bakit ganun siya magsalita? Ganun na ba kasama ang tingin niya kay Delilah?

Ako nga basurera lang ang pagkakakilala ko kay Delilah, siya *basura* na agad?

“Dude, hinay-hinay lang sa pagsasalita. Babae pa rin ‘yun.”

“Hindi siya kagalang-galang. Basura lang siya.”

“Mayaman man o mahirap, ang mga babae ay dapat nirerespeto.”

“Kaya pala nagagawa mong ikama ang mga P.A. mo. Talking about respect, huh? Payne?”

Ako ba ang nagbago o siya?! Nanggigigil ako.

Tiningnan ko lang siya, alam kong gets niyang naiinis ako.

“Whatever, Payne. Disiplinahan mo ‘yang basura na ‘yan, wag mong hintaying ako pa ang kumanti d’yan. Kilala mo ‘ko, ayoko sa kaladkarin at napulot lang sa kung saan.”

“Kung ako sayo, pare, lalayuan ko si Delilah. Kaibigan ko siya. Tigilan mo ang kakatawag sa kanya ng basura.”

“I’ll call her whatever I like.” Tapos, walang paalam na umalis siya sa condo ko.

“Ano’ng problema niya kay Delilah?” naibulong ko na lang sa sarili ko.

Pumasok na muna ako sa kwarto ko.

Naligo ako saglit. Habang nasa shower, naisip ko, ano na kaya ang ginagawa ng Tagabundok na ‘yun? Galit kaya siya kay Yuan? Bakit ganun na magsalita si Yu? Parang may iba sa kanya. Hindi naman siya ganon dati. Alam ko, hindi talaga papasa sa standards ni Yu si Delilah, pero kilala ko

ang kaibigan ko, hinding-hindi siya magsasalita ng ganun ka-foul laban sa ibang tao. May problema lang siguro siya.

Napakaganda ng ‘good morning’ ni Yuan kay Delilah. Tsk.

Pagkatapos kong maligo, nagbihis lang ako at tinawagan ko na si Tagabundok. I need to know kung okay lang siya. At kung magre-resign na siya. Wag naman sana ‘yung huli.

“Ano?!” asik niya pagkasagot sa telepono.

Ay, galit agad?

“Walang hello? Sigaw talaga agad?”

“Dalian mong magsalita, Daldal. Ano’ng sasabihin mo?”

“Nasan ka?”

“Nasa moon!”

“Nasan ka nga?”

“Bakit? Ipapalait mo na naman ako d’yan sa Yuan na ‘yan? Ba-blackeye-an ko ‘yan!

“Easy-han mo lang! Masyado kang amazona!”

“Pasalamat nga siya nakapagtimpi ako kanina

kundi, nako! Baka nasa ospital na ‘yan ngayon!”

“Ang yabang mo naman. Nasan ka nga?”

“Bakit nga? Para kang timang, sagutin mo nga bakit!”

“Pupuntahan kitang Tagabundok ka! Napakulit ng bungo mo! Nasan ka nga?!”

“Nasa Manila Bay!”

“Totoo ba yan?”

“Tara dito at nang masapak kita. Nakakainis ka! Pumunta ka na kung pupunta ka! Sasamain ka na talaga sa ‘kin!”

“Bakit ako?! Bakit sa ‘kin ka naman nagagalit?”

“Nakakainis talaga kayong mayayaman, napakamatapobre n’yo. Mga kamote kayo! KAMOTE!”

Kamote?!

“Ewan ko sayo! Pupunta na ‘ko. ‘Bye!”

Narinig ko na lang ang beep.

Kinuha ko ‘yung car key ko, dumiretso agad ako sa parking lot at nag-drive papunta sa Manila Bay.

Bwisit na babaeng ‘yun! Siya na nga inaalala, siya pa galit! Akala mo kagandahan!

Bigla akong napapreno nang mapansin ko ‘yung guard na pinipigilan ako. Pinahinto niya ‘yung kotse ko at nilapitan ako.

Ibinaba ko ‘yung bintana ng kotse. “Ano’ng problema? Bakit mo ‘ko pinahinto?”

“Eh kasi, Sir, sobrang bilis n’yo pong magpatakbo, nagmamadali po ba kayo? May emergency po ba? Baka po kasi maaksidente kayo sa sobrang pagmamadali n’yo.”

Ako? Nagmamadali? Bakit naman ako magmamadali? Para d’un sa babaeng ‘yun? Nag-aalala ba ‘ko sa kanya? Hindi. Concerned ako sa career ko, kasi pag nawalan ako ng P.A., goodbye manager at goodbye career na ako. Tama, ginagawa ko ‘to para sa sarili ko. I can’t lose her.

“Oo, nagmamadali ako. ‘Ge.” Pinasibad ko na ang sasakyan paalis.

You’re insane, Payne. Insane.

Fifteen minutes lang nang makarating ako sa Manila Bay. Pagkababang-pagkababa ko sa kotse ko...

“Hey—!”

May biglang humatak sa braso ko at pinasandal ako sa pader. Nakita ko si Tagabundok.

“Wag kang maingay,” bulong niya.

Tinanguan ko lang siya, tapos sumilip siya sa likod ng pader. Nagtaka ako sa kung ano ang tinitingnan niya kaya nakitingin na rin ako.

“Ano ba’ng—”

“Sssh... Si Yuan, tingnan mo.”

Nanlaki ‘yung mata ko. Nakita ko si Yuan, nakatayo at nakapamulsa. May kaharap siyang isang babaeng nakatakip ang mga palad sa mukha at sa tingin ko ay umiiyak. Parang familiar ‘yung babae.

“Si Jessa...” nabulong ko na lang.

“Ha?”

“Si Jessa. Siya ang first crush slash love slash girlfriend ni Yuan. Simula nung break-up nila, hindi na naka-move-on si Yuan. Ang sabi niya kasi, si Jessa lang ang una at huling babaeng mamahalin niya. Kung hindi si Jessa, wag na lang daw.”

“Simpleng ‘ha’ lang ‘yung sinabi ko, nagtalumpati ka na d’yan. Daldal talaga.”

“Aba’t—!”

“Tsk. Bakla pala ‘yan, eh. Takot sumugal ulit.”

Takot sumugal ulit? Akala mo kung sino siya kung makapagsalita kay Yuan.

“You have no right to judge him when it comes to loving, lalo na kung hindi mo pa naman nararanasang magmahal.”

Bumulong-bulong si Delilah. “Sino nama’ng nagsabing hindi pa ‘ko nagmahal?”

Ano’ng sabi niya? Nagmahal na siya? Tiningnan ko siya mula ulo hanggang paa. ‘Tong amazonang ‘to? Nagmahal na?

Unbelievable.

“What did you say?” untag ko.

“Wala. Pakinggan natin ‘yung usapan nila.”

“Chismosa,” sambit ko.

Tiningnan niya ako nang masama. Nginitian ko naman siya nang sarcastic.

“Yu, I’m really very sorry. Mahal ko si Bryan.”
si Jessa.

Bryan? Three months ago lang, parang si Johann

pa ang boyfriend niya, ah.

“Don’t say sorry. I’m used to it. Sana maging masaya ka.”

Tatalikod na sana si Yuan pero pinigilan siya ni Jessa. Muling lumingon ang kaibigan ko. “Yu, please. I’m begging, don’t shut me out of your life.”

What the heck? ‘Yun na naman ang linya niya? Ayaw niya ba talagang makalaya si Yuan sa kanya?

Nginitian siya ng bestfriend ko at niyakap.

“Balikan mo na lang ako pag wala na kayo. Tatal ‘yun naman ang role ko, eh, ang magpakatanga sayo. Mahal na mahal kita, Jessa.”

I can’t believe this, he shed a tear for that b*tch?

“Ano’ng kagaguhan ‘yon?!” Si Tagabundok.

“Hoy, ang ingay mo! Baka mahuli pa nila tayo dito eh!”

“Eh tanga naman pala ‘yang kaibigan mo, eh! Bulag masyado! Tingin niya, magkakarebulto siya dahil sa pagpapakamartir niya? Nakakapanggigil ‘yang kaibigan mo, ah!”

“Kung makapag-react ka naman, akala mo nanay ka ni Yuan.”

Tiningnan niya ako mata sa mata. “Ayoko sa lahat ay ang mga taong hindi marunong magmahal sa sarili nila. Ayoko sa mga katulad niya na nagpapakatanga sa mga bagay na alam niya namang pwedeng wala sa buhay niya.”

Natulala ako. Nakita ko ang lungkot sa mga mata ni Delilah. Para bang nalagay na siya sa ganoong sitwasyon? Ang mamili sa pagitan ng sarili niyang kalayaan at sa kagustuhan ng iba.

Sabihin mo sa ‘kin. Gusto kong malaman ang istorya mo. S’an nanggagaling ‘yang lungkot sa mga mata mo? muntik ko nang sabihin sa kanya.

“Nagmamahal lang siya.” Bigla ko na lang nasabi.

Binatukan ako ni Delilah sabay ngiti.

“Magsakripisyo ka, dumaan ka sa maraming pagsubok, dumanas ka ng matinding kalungkutan, masaktan ka hangga’t gusto mo, umiyak ka at madurog—lahat gawin mo para maipakita mo sa isang tao ang pagmamahal mo sa kanya.

“Pero tandaan mo, lahat ng bagay may katapusan. Lahat nagbabago, pati ang pagmamahal. Hindi mo kailangang paulit-ulit na magpakatanga para lang patunayan ang sarili mo... hindi mo kailangang

May Artista sa Basura - AliAmai

umusad kung hindi ka pa handa. Kailangan mo lang maniwala na darating din ang araw na kusa na siyang mawawala sa puso mo.”

Woah. Just woah. Ano ‘yon?

TAKE 5

YUAN VS. DELILAH

Payne's POV

“Where did you get that?”

“Tsk. Tara na.”

Pumunta siya sa kung nasan ‘yung kotse ko at sumakay. Sumunod na lang ako at nag-drive.

“Uuwi muna ako, pakihatid ako, Sir.”

Nanlaki ‘yung mata ko sa sinabi niya. “Sir? You just called me ‘Sir’? So hindi ka pa nagre-resign?”

“Bakit naman ako magre-resign? Dahil ayaw sa ‘kin nung manager mong hilaw? Tsk. Mas importante ang tatay ko kesa sa mga salita niya sa ‘kin kanina. Lalo pa ngayon, nalaman kong mahina naman pala siya. Isang babae lang, tiklop agad.”

“Ang yabang.”

Hinatid ko siya dun sa bahay nila. I can't imagine myself living in this kind of place. Hindi ko yata kakayanin.

“Oy, lutang, dito na ‘ko.” Napa-break ako at tiningnan ko kung nasan na kami. Nandito na nga kami sa tapat ng bahay nila.

Tiningnan niya ako at nginitian.

“Yes, it is heaven when you get the chance to be loved by the one you cherish the most. But believe me, it hurts like hell when it suddenly fades away. It’s a matter of survival so you must at least try to save yourself. That’s love, Sir. Sige, ingat. ‘Bye.”

Natulala ulit ako sa sinabi niya. Ano na naman ‘yun? Saan nanggaling ‘yun? She just spoke in English. Wow. Ano pa ba ang ikagugulat ko sa taong ‘to? Mukhang tama nga ata si Yu ah, hindi dapat ako kumuha ng tao sa kung saan lang nanggaling.

I headed back to my unit. Pagkadating na pagkadating, nahiga agad ako. I can’t stop thinking about Delilah.

What the heck?! Isang hamak na basurera nag-English sa harap ko! And she just defined the word LOVE! Uso pa ba sa kanila ‘yun Di ba, hindi na dapat kasi nga isang kahig, isang tuka sila? Iyong kumakalam nilang sikmura ang iniintindi nila, hindi iyong mga ganun.

Who the hell are you, Delilah? Saan ka ba nanggaling?

Tumunog ang doorbell. Tumayo ako at pinagbuksan kung sino man ‘yung dumating.

“Yu!”

Namumula ‘yung mga mata ng kaibigan ko. May lahi ba siyang bampira?

“A-ano’ng nangyari sayo?”

“You bastard!”

Kinuwelyuhan niya ‘ko at nilapit niya ‘yung mukha niya sa ‘kin, tiningnan niya ako nang masama. Ano na naman?!

“You were there, right? You and that trash? You were f*cking there, nanonood kung paano ako magpakatanga kay Jessa, di ba? Ano’ng narinig n’yo, ha?” Malakas ang boses niya.

Nanlaki ang mga mata ko, paano niya nalaman ‘yun?

“Yu, kumalma ka muna. Lasing ka, Pare—”

“Wala kang pakielam! Don’t you dare do that again, Payne! Panindigan mo na ang pagiging passive pagdating sa ‘kin, you self-centered brat!”

Passive? Self-Centered? Brat? Eh?!

“Ano ba’ng sinasabi mo d’yan?!”

Naglalabasan na ‘yung ibang tao mula sa mga units nila, kaya hinatak ko na si Yu papasok ng unit ko. Sinarado ko ‘yung pinto kaso pagharap ko...

Napaupo ako sa sahig sa lakas ng pagkakasuntok sa ‘kin ni Yuan.

Dude, ‘yung panga ko! Ayokong magpaopera! gusto kong isigaw.

“What the...?! Ano ba’ng problema mo, ha?” bulalas ko. Nagdugo ‘yung gilid ng labi ko. Shit lang.

“Problema ko?! G*go! Ikaw ang problema ko! Bakit kailangan n’yong makinig sa usapan namin? Bakit kailangang makita pa ako nung basura mong P.A sa ganung sitwasyon?”

Ah iyon pala. Umiiral ang pride ng mokong na ‘to. Oo nga naman, kakatapos niya lang sabihan ng masasakit na salita si Delilah kanina, tapos makikita siya na nagpapakatanga sa isang babae. Nakakababa ng pride ‘yun para sa manager ko.

“Pare, kumalma ka. Hindi lang si Jessa ang babae sa mundo. Mag-move on ka na, hindi ka niya mahal.”

And gah! Hindi nga pala ako marunong mag-advice! Bakit ko ba sinabi ‘yun?! Lalo tuloy atang

nagalit.

Tumawa si Yuan nang sarcastic at biglang nagsalita. “Grabe! Hindi lang si Jessa ang babae sa mundo? Nagpapatawa ka ba, Payne? Are you seriously telling me that? You are freaking giving advices, huh? Mag-move on? Look at yourself, Payne! Magiging ganyan ka ba kag*go kung naka-move on ka na sa nangyari kay Jaecel?”

Napa-close fist ako sa sinabi niya. Kailangan pa bang banggitin ang pangalan ni Ate?!

“Payne, tinalikuran mo na ang lahat simula nung namatay ang ate mo.” Kinuwelyuhan niya ako ulit. Ayokong pumatol. Ayoko.

Lasing siya, Payne. Intindihin mo pa siya nang konti.

“Hindi ako ang tumalikod. Sina Mama at Papa.”

“Ah! Kaya pala nadamay ako?!”

Napatingin ako sa kanya. Anong nadamay siya?

“Ano’ng sinasabi mong nadamay ka?”

“Nahawa ka na ba sa katangahan nung basura mong P.A.? Ha?! Simula nung namatay si Jaecel at nung sinasabi mong tinalikuran ka ng mga magulang mo, akala mo lahat ng tao galit sayo kaya

ka dumistansya! Kaya ka nagbago! Hindi mo ba napansin na pati sa ‘kin sinarado mo ang pinto mo?! Akala mo, isa lang akong simpleng manager. Akala mo, iniwan na rin kita. ‘Yung simpleng pag-stay ko sa tabi mo, hindi mo napansin. Dude, bestfriend kita! Kaso ano?! Sobrang lunod ka sa ideya na nag-iisa ka na, kaya pati ako tinalikuran mo! Wala ka sa tabi ko nung unang sinaktan ako ni Jessa. Wala ka, Payne.” Humina ang boses niya na para bang tinatamaan na siya ng antok. “Alam mo lang ang kwento, pero wala ka sa tabi ko para bugbugin ako, para magising ako sa katotohanan. Kaya ikaw ang sinisisi ko kung bakit ako ganito. Alam mong ikaw lang ang naging kaibigan ko, pero wala pala.”

Pumikit siya at mayamaya pa ay nakatulog na. Totoo nga na may mga taong pag lasing lang naglalabas ng sama ng loob. It’s when a person becomes too honest to tell everything.

Siguro nga, hindi ko na tinrato si Yu na kaibigan matapos ‘yung nangyari. Dahil akala ko pati siya galit sa ‘kin. *Sorry, Yu. Kinailangan mo pang magdrama bago ko malaman.*

Inayos ko ang higa ni Yuan sa sofa. Doon na muna siya. Bibili muna ako ng pampawala ng hang-over.

Tinawagan ko si Tagabundok Ayaw niyang sumagot. Tinawagan ko ulit.

“Ano’ng problema niya? Ba’t ayaw niyang sagutin?”

“Oh?!” sabi nito sa telepono matapos ang pangatlong ring.

“Ba’t ayaw mong sagutin?!” singhal ko.

“Naghuhugas ako ng plato.”

“Mas mahalaga pa ang plato kesa sa trabaho mo?!”

“Hindi lang ‘yun plato, *maraming* plato. May sideline ako ngayon. Tagahugas ng plato. Trabaho rin. Kaya mahalaga ang mga plato.

Takte, naumay ako sa plato.

“Tsk! Pumunta ka dito sa tapat ng supermarket, may ipapabili ako sayo. Hindi ako pwedeng makita ng mga tao.”

“Ge.”

Beep na lang ang sunod niyang narinig.

Kunot-noo akong naghintay habang nakatingin sa relo ko. Ang tagal naman ng Tagabundok na ‘yun.

Tinawagan ko siya ulit.

“Ano?”

“Nasan ka na ba? Ang tagal mo naman!”

“Limang minuto pa lang ang nakakalipas simula nung tumawag ka. Tingin mo s’an ako naghugas ng plato? Sa kalsada? Alam mo ba kung s’an ako manggagaling? Nandito ako sa tenth floor ng building na ‘to. Hindi ako si *Superman* para lumipad papunta d’yan.”

“Tsk, ang dami mong palusot. May pera ka pa naman d’yan, di ba? Mag-commute ka na, baka lumakad ka pa.”

“Mas okay na ‘yun kesa gumapang ako, di ba?”

“Pilosopo ka talaga kahit kelan. Bilisan mo na.”

“Eh kung binababa mo na kaya itong telepono para makakilos na ‘ko?”

“Sige. Teka—”

“Ano na naman?”

“Dalian mo, ah. Kanina pa ‘ko naghihintay dito.”

“Oo na. Kulit. Daldal talaga.”

Beep ulit.

Naghintay pa ako ng twenty minutes bago...

Kumatok si Delilah sa bintana ng kotse ko. Sinenyasan ko siya na pumasok. Sumunod naman siya kagad. Napansin kong may motor na naka-park sa tabi ng kotse ko.

“Kanino ‘yung motor na ‘yun?”

“Akin,” sagot ni Tagabundok

“Sayo?! Nag-motor ka?!”

“Hindi. Nag-truck ako. *Transformers* ‘yan, hindi mo ba alam? Tsk.”

Ang sungit.

“Ano ba’ng iuutos mo, Daldal?”

“Bilhan mo si Yuan ng gamot para sa hang-over, bumili ka rin ng panggawa ng soup. Ipagluto mo siya para matuwa naman siya sayo.”

“Oo na.”

“Sige na, bumili ka na. O, eto pera.”

Kinuha niya na ‘yung two thousand na bigay ko.

Fifteen minutes lang, nakabalik na siya. Ang bilis, ah. Inilapag niya na sa kotse ‘yung pinamili niya.

“O, sukli. Sasama pa ba ako sayo?”

“Malamang!”

Napatakip siya sa tenga. “Ugh! Boset! Makasigaw, ah!”

Lumabas siya ng kotse at sumakay sa motor niya. Akala ko sasabay siya sa ‘kin. Saan niya naman kaya nakuha ‘yung motor niya na ‘yun?

Nag-drive na ‘ko pabalik sa condo. Nakasunod naman sa akin ang motor niya. Pagdating sa unit ko, iniluto niya na kaagad ‘yung soup at pagkatapos ay..

“Papasok ako ng kwarto mo, ah.”

“Teka... bak—”

Hindi niya na ako pinatapos magsalita. Pumasok siya ng kwarto ko. May dala na siyang t-shirt ko at towel, pumunta siya ng kusina at naglagay ng yelo at tubig sa palangganita. Pumunta siya sa sala at—

“Ano’ng ginagawa mo?!” tanong ko.

“Nagpapa-good shot.”

Ano daw?

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Kailangan alagaan ko ‘tong manager mo, para

hindi na siya magalit sa ‘kin.’”

“Pero bakit mo siya hinuhubaran?”

“Pupunasan ko siya. Amoy-alak eh, mabaho. Kailangan nang palitan ng damit. Kayong mayayaman alam kong madali kayong mairita pag may mali kayong nararamdaman sa sarili n’yo. Ayaw n’yo ng mabaho, malagkit, maasim, kaya lilinisan ko ‘tong manager mo. Para mas maging maayos ‘yung pagpapahinga niya. O? Okay na ba ‘yung paliwanag ko?”

Sinabi ‘yun ni Delilah habang tinatangal ‘yung damit ni Yuan. Lalaki ‘yun, eh! Hindi ba siya naiilang?

Nagpapa-good shot? ‘Yun pala ang ibig sabihin non.

Pinunasan niya ang balat nito ng malamig na tubig. Nakikita ko namang nagiginhawaan si Yuan. Aba, mukhang magiging effective ‘tong pagpapa-good shot ni Tagabundok, ah.

Pagkatapos niyang punasan si Yuan, pinalitan niya na ng damit. Tiningnan ko lang kung paano siya gumalaw, mukha naman siyang disenteng babae. Pinunasan niya rin pati ‘yung mukha ni Yuan.

Ano kaya ang pakiramdam ng may nag-aalaga sayo kapag lasing ka? *Ano'ng pakiramdam, Yuan?*

Pagkatapos linisan ang kaibigan ko, niligpit ni Delilah 'yung mga pinaggamitan niya.

Akala ko nga lalabhan niya pa 'yung damit ni Yuan. Sabi niya mamaya na daw, isasabay niya na sa mga damit ko. May housekeeping naman.

Kusang nagising si Yuan. Pinainom namin siya ng gamot para sa sakit ng ulo, pinagtimpla ng kape at pinakain na ng soup. Kaya lang, may napansin akong kakaiba kay Yuan.

Simula nung gumising siya, hindi na naalis ang paningin niya kay Delilah, kanina niya pa tinititigan ang P.A. ko. Ano kaya ang iniisip niya?

Sasabihin ko ba 'yung ginawa ni Tagabundok para sa kanya? Pag nalaman niya kaya, mababago ang tingin niya kay Delilah?

“Delilah,” tawag ni Yuan nang kumakain na kami.

“Yes, Sir?”

“S'an ka nakatira?”

Nako! Mabubuking na yata kami! Patay ako pag

nalaman niyang sa squatter's nakatira si Tagabundok.

“Sa slums po, Sir.”

Napa-mental facepalm ako. Hindi talaga siya nag-iisip! Hindi naman makakasama ang minsang pagsisinungaling! Patay na talaga kami nito.

“Ah, that's why.” Si Yuan

“Anong that's why, Sir? Ano po'ng ibig n'yong sabihin?”

“Kaya ganyan ang ugali mo. Nakuha mo sa pinanggalingan mo. Asal-squatter. No wonder mukha kang walang pinag-aralan, kasi wala naman pala talaga.”

“Yuan!” awat ko. Below the belt na kasi ‘yung sinabi niya!

Binaba ni Delilah ‘yung kutsara niya. “Alam mo, Sir, hindi lahat ng tao pinanganak ayon sa buhay na gusto nila, kaya hindi sapat na basehan ang pinanggalingan para husgahan mo o ng kahit na sino ang ugali at pagkatao namin. Tandaan mo, Sir, hindi lahat ng nakapag-aral, edukado. At hindi lahat ng hindi nakapag-aral, asal-aso. Hindi ka tumayo sa mga paa ko para malaman mo kung hanggang saan ang nalalaman ko. Hindi mo alam kung sino talaga

ako. Kaya habang hanggang salita pa lang ako, isipin mo na ang mga sasabihin mo sa ‘kin. Dahil bukod sa antas ng edukasyon ko na hinuhulaan mo, hindi mo alam kung ano pa ang kaya kong gawin.”

Napanganga ako sa sinabi niya. She made a great point.

Ano ba ang nangyayari sayo, Yuan? Bakit parang gumaspang ang ugali mo? Ako ba ang dahilan?

Tumayo na si Delilah at pumunta na sa tapat ng pinto. “Salamat sa pagkain, Sir Payne. Tawagan mo na lang ako pag may kailangan ka.”

“S-sige.”

Pagkaalis ni Delilah, ngumisi si Yuan at tumayo na rin. “Aalis na rin ako,” paalam niya.

Umalis na silang dalawa at iniwan na naman akong mag-isa.

Delilah’s POV

Pigilan mo, sarili mo, Delilah. Umiwas ka na sa gulo. Tandaan mong kailangan mo ‘tong trabaho na ‘to para sa tatay mo. Kalma.

Iyon ang sinasabi ko sa sarili ko habang palabas

ng unit ni Sir Payne pero habang naglalakad papas-
exit ng condominium building...

“Bwisit! Akala mo kung sino! Sapakan na lang,
o! Nakakainis! Matapobre! Bangasan kita d’yan, eh!
Konting-konti na lang talaga! Anak ka ng nanay mo!
Buset talaga! Ugh! Kumukulo dugo ko sayo! Isang-
isa ka na lang, sasapakin na kit—”

“Sasapakin mo ang manager ng amo mo?”

Napalingon ako. Si Yuan. Tsk.